



Australian Government

Mga maling impormasyon at mga katotohanan tungkol sa Coronavirus (COVID-19)

HINDI TOTOO: Maaari mong gamutin ang coronavirus gamit ang mga antibayotiko o mga gamot laban sa malaria

TOTOO: Wala pang bakuna o gamot para sa coronavirus.

Ang mga mananaliksik sa mundo ay masigasig na nagsisikilos upang makabuo ng bakuna para sa virus. Sa kasalukuyan, ilang mga posibleng bakuna ang isinasailalim sa mga klinikang pagsubok. Gayunpaman, hindi natin alam kung gaano katagal ang kakailanganin sa pagbuo ng bakuna.

Sinusuri rin ng mga mananaliksik ang paggamit ng bago at kasalukuyang makukuhang mga gamot na maaaring tumulong gamutin ang coronavirus. Halimbawa, ang gamot na tinatawag na remdesivir na panlaban sa virus, ay nabigyan ng pansamantalang pag-apruba sa Australya upang gamutin ang mga tao na may malubhang COVID-19. Kabilang sa ibang mga gamot na iniimbestigahan ay ang mga gamot para sa arthritis, malaria at HIV. Hindi magpapagaling sa coronavirus ang mga gamot na ito, ngunit maaaring mabawasan ng mga ito ang bilang ng mga tao na magkakaroon ng virus at ang kalubhaan ng mga kaso.

Mahalaga, kung gayon, na protektahan ang iyong sarili sa pamamagitan ng pag-uugali ng tamang kalinisan ng kamay at respiratoryo, pananatili ng pisikal na pagdistansya, pananatili sa bahay at pagpapasuri kung masama ang iyong pakiramdam, at pagsusuot ng mask kung ikaw ay nasa isang lugar na may maraming pagkahawahan sa komunidad, lalo na kung mahirap magpanatili ng pisikal na pagdistansya.

HINDI TOTOO: Ang mga bata ay 'napakagaling na tagapagkalat' ng COVID-19

TOTOO: Bagama't ang maliliit na mga bata ay kilala bilang 'napakagaling na tagapagkalat' ng mga mikrobyo at mga karaniwang nakakahawang organismo, katulad ng para sa trangkaso, ang kasalukuyang ebidensya para sa COVID-19 ay nagpapahiwatig na hindi karaniwan ang pagkahawahan ng bata-sa-bata. Dagdag pa, walang mga datos saanman sa mundo na nagpapakita ng nangyaring malaking pagkalat ng virus na ito sa mga maliliit na bata. Bagama't posible ito, ang ebidensya ay kasalukuyang nagpapahiwatig na ang mga bata ay hindi napakagaling na tagapagkalat ng virus na sanhi ng COVID-19.

HINDI TOTOO: Hindi makakuha ang Australya ng sapat na mga kagamitan at suplay na medikal (mga ventilator, mask, kit para sa pagsusuri)

TOTOO: Naging napakamatagumpay ng Australya sa pagpapababa ng bilang mga kaso, na nangahulugang naiwasan natin ang pagdagdag ng pabigat sa ating mga ospital.

Marami tayong makukuhang personal na kagamitang pamprotekta sa Australya, na may marami pang niyayari sa Australya at idinedeliber sa Australya sa lahat ng oras. Halimbawa, nananatiling lubos na maraming stock ang National Medical Stockpile at umorder pa ng mahigit sa kalahating bilyong mga mask para ideliber sa iba't ibang panahon hanggang sa 2021.

Ang mga komite na nagpapayo sa Pamahalaang Australya, kabilang ang Communicable Diseases Network Australia at ang Public Health Laboratory Network, ay madalas nagpupulong upang tasahing muli ang gabay tungkol sa mga kahingian sa pagsusuri ng COVID-19, upang tiyakin na ang mahalagang pagsusuri ay isasagawa upang suportahan ang tugon ng ating pampublikong kalusugan sa pandemyang COVID-19.

HINDI TOTOO: Hindi makakayanan ng mga ospital sa Australya ang dumaraming pangangailangan dahil sa COVID-19

TOTOO: Naging napakamatagumpay ng Australya sa pagpapababa ng bilang ng mga kaso, na nangahulugang naiwasan natin ang pagdagdag ng pabigat sa ating mga ospital. Ang Australya ay mayroong tampok sa mundong sistema ng kalusugan na nasa lugar upang matugunan ang karagdagang pangangailangan sa panahon ng pandemyang COVID-19 kung kakailanganin. Kabilang dito ang kapasidad para sa karagdagang mga kama sa ospital, kagamitang-medikal, mga suplay, at mga kawaning-medikal sa pamamagitan ng pakikipagsamahan ng Pamahalaang Australya, mga pamahalaang estado at teritoryo, at ang pribadong sektor ng kalusugan.

HINDI TOTOO: Ang dalawang linggong lockdown ay pipigil sa pagkalat ng COVID-19

TOTOO: Ang paglalapat ng mga paghihigpit para sa dalawa o tatlong linggo at pagkatapos ay pagtatanggal ng mga ito at pagbalik sa ating normal na pamumuhay ay hindi pipigil sa pagkalat ng COVID-19.

Ang karamihan ng mga tao na may COVID-19 ay may bahagya lamang o walang mga sintomas. Ang panganib ng dalawang linggo lamang na lockdown ay ang mga tao na walang mga sintomas (asymptomatic) ng COVID-19 ay maaaring di-alam na maglantad ng ibang tao sa virus kapag ang lahat ay bubuksan matapos ang lockdown.

Ang pinakamabuting paraan upang tulungang pigilan ang pagkalat ng COVID-19 ay ang pag-uugali ng tamang kalinisan ng kamay at respiratoryo, pananatili ng pisikal na pagdistansya, pananatili sa bahay at pagpapasuri kung masama ang iyong pakiramdam, at pagsusuot ng mask kung ikaw ay nasa isang lugar na may pagkahawahan sa komunidad at hindi maaaring magpanatili ng pisikal na pagdistansya.

Patuloy na susubaybayan ng ating mga dalubhasa sa kalusugan ang bilang ng mga bagong kaso araw-araw sa Australya at kung saan nangyayari ang pagkahawahan. Pagkatapos, gagawa sila ng mga rekomendasyon batay sa ebidensya tungkol sa anumang mga bagong patakaran o paghihigpit na kailangang isabatas. Dapat manatiling nasapanahon ang lahat tungkol sa kasalukuyang mga paghihigpit sa pamamagitan ng pagbisita sa www.australia.gov.au.

HINDI TOTOO: Ang pagsusuri sa lahat ay pipigil sa pagkalat ng coronavirus

TOTOO: Hindi mapipigilan ng pagsusuri ang pagkalat ng virus.

Isa sa mga batayang pundasyon sa paghadlang at pagkontrol ng COVID-19 ay ang pagsusuring dayagnostiko na nasa tamang oras, nasusukat at wastung-wasto. Ang pagsusuring dayagnostiko ay gumaganap ng mahalagang papel sa paglalarawan ng epidemyolohiya ng sakit, pagbibigay-kaalaman sa pamamahala ng mga kaso at kontak, at sa huli, sa pagbabawas ng pagkahawahan sa virus.

Gayunpaman, ang negatibong pagsusuri sa COVID-19 ay hindi nangangahulugan na wala ka na sa panganib, o hindi ka na panganib sa ibang tao. Maaaring mag-negatibo ang iyong pagsusuri sa COVID-19 matapos kang malantad sa SARS-CoV-2 (ang virus na sanhi ng COVID-19) ngunit bago ka magkaroon ng mga sintomas. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga ang pag-uugali ng tamang kalinisan at pisikal na pagdistansya, at pananatili sa bahay kapag masama ang pakiramdam. Ang mga aksyon na ito, kasama ang tinarang na pagsusuri, ay tumutulong upang hadlangan ang pagkalat ng COVID-19 at iba pang mga nakakahawang sakit, na nagbabawas sa mga pangangailangan sa sistema ng kalusugan sa Australya.

Kinakailangan sa matagumpay na pamamahala ng pampublikong kalusugan sa dumaraming bilang ng mga kaso at paglitaw ng virus sa isang rehiyon, na ang pagsusuri ay maingat na itutok upang makuha ang tamang balanse sa pagpapanatili ng kontrol sa epidemya at pagprotekta sa likas-kakayahan ng kapasidad ng mga laboratoryo at lugar ng pagsusuri.

Ang malawakang pagsusuri ng mga Australyanong hindi nagpapakita ng mga sintomas (asymptomatic) ay lubos na hindi hinihikayat. Angistratehiya ng pagsusuring ito ay hindi tamang pamamaraan na pang-epidemyolohikal, o isang hindi epektibong gastusin upang alamin ang pagkahawahan ng sakit. Kinikilala ng Pamahalaang Australya na maaaring may papel para sa pagsusuri ng mga asymptomatic na tao sa partikular na mga konteksto para sa layuning pagkontrol at pagsubaybay ng sakit. Kabilang sa mga kontekstong ito ang mga kapaligiran ng paglitaw, ang populasyon na may mas mataas na panganib ng pagkahawahan hanggang sa mga lugar na may kakaunting mga kaso, ang populasyon na may mas mataas na panganib ng pagkalantad, at ang mga tao na nasa mga kapaligirang may mataas na panganib ng pagkahawahan na mahihina rin laban sa malubhang sakit kung magkakaroon sila ng impeksyon.

Ang Pamahalaang Australya ay patuloy na nagrerekomenda na ang mga istrategie sa pagsusuri, kabilang ang mga programa ng pag-iskrin sa mga lugar ng trabaho para sa mga tao na asymptomatic, ay bubuun sa pakikipagkonsulta sa mga nauugnay na mga awtoridad ng pampublikong kalusugan at mga direktor ng mga laboratoryo. Ito ay upang tiyakin na gagamitin ang pinakaangkop at pinaka-epektibong mga pamamaraan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa katayuan ng Pamahalaang Australya tungkol sa malawakang pagsusuri ng asymptomatic na mga tao, mangyaring tingnan ang [website ng Kagawaran ng Kalusugan](#).

HINDI TOTOO: Ang mga kit sa pagsusuri ay hindi tumpak

TOTOO: Sa Australya, ang mga pagsusuri sa COVID-19 ay tumpak na tumpak. Lahat ng mga paraan ng pagsusuri na ginagamit sa Australya ay lubos na pinagtibay. Ang mga ito ay patuloy na minomonitor ng Therapeutic Goods Administration (TGA) at sa pamamagitan ng sapilitang paglahok sa mga programa sa kalidad ng katiyakan na tanging binuo para sa SARS-CoV-2 (ang virus na sanhi ng COVID-19).

Sa Australya, ang batay sa laboratoryo na polymerase chain reaction testing (PCR) ay ang pinakamagaling na pamantayan ng pagsusuri na ginagamit upang madayagnos ang impeksyon ng malubhang SARS-CoV-2 sa iyong katawan, at nangangailangan ng pagkolekta ng respiratoryong sampol upang isagawa ang pagsusuri. Ang mga pagsusuring PCR ay napakasensitibo at natutuklasan ang pinakamaliit na henetikong (genetic) mga piraso na partikular sa SARS-CoV-2 sa isang respiratoryong sampol.

Anumang teknolohiya ng pagsusuri na nababago sa Australya ay nangangailangan ng napakaingat na pagtasa ng TGA upang tiyakin ang kalidad at kasiguruhan ng mga resulta at legal na pagsuplay nito. Para sa nasapanahong impormasyon kung aling mga pagsusuri sa COVID-19 ang kabilang sa Australian Register of Therapeutic Goods, mangyaring bisitahin ang website sa: www.tga.gov.au/covid-19-test-kits-included-artg-legal-supply-australia.

HINDI TOTOO: Ang coronavirus ay isang panlilinlang

TOTOO: Ang COVID-19 ay sanhi ng isang coronavirus (SARS-CoV-2), na bahagi ng isang malaking pamilya ng mga virus na maaaring humantong sa mga pang-respiratoryong impeksyon sa mga tao at hayop. Ang mga impeksyong ito ay maaaring magmula sa karaniwang sipon hanggang sa mas malubhang karamdaman. Naikakalat ang COVID-19 sa mga tao sa pamamagitan ng maliliit na mga patak at sa pamamagitan ng mga ibabaw ng mga bagay na may kontaminasyon.

Sa Australya, ang Victorian Infectious Diseases Reference Laboratory (VIDRAL) sa Peter Doherty Institute for Infection and Immunity, ang unang laboratoryo sa labas ng China na nakapagbukod ng SARS-CoV-2. Ibinahagi ng VIDRL ang naibukod na virus sa iba pang mga laboratoryo sa Australya, sa World Health Organization, at sa iba pang mga bansa, upang makabuo, mapagtibay at mapatunayan ang mga pagsusuring dayagnostiko para sa COVID-19.

Mapalad ang Australya na sinusuportahan ito ng isang dalubhasang network ng mga laboratoryong pampubliko at pribado na may kakayahan at angkop na akreditasyon upang tumuklas at magkumpirma ng SARS-CoV-2. Ang kakayahan ng mga laboratoryong ito upang itaas ang kapasidad sa pagsusuri ay naging mahalaga sa tagumpay ng Australya na mabawasan ang sakit at maiwasan ang nakapipinsalang dami ng impeksyon na nakikita sa ibang mga bansa. Ang impormasyon tungkol sa bilang ng mga tao na may COVID-19 at ang bilang ng mga namatay mula sa sakit ay kinokolekta sa Australia at sa buong mundo. Ang mga datos ay inilalathala araw-araw ng [Kagawaran ng Kalusugan ng Australya](#).

HINDI TOTOO: Hindi epektibo at/o hindi ligtas ang mga mask.

TOTOO: Ang mga mask, kapag ginamit kasama ng iba pang mga pag-iingat gaya ng tamang kalinisan, pisikal na pagdistansya, at pananatili sa bahay at pagpapasuri kapag masama ang pakiramdam, ay tumutulong na bagalan ang pagkalat ng COVID-19.

Gaya ng karamihan sa mga virus sa respiratoryo, ang SARS-CoV-2 (ang virus na sanhi ng COVID-19) ay karaniwang ikinakalat ng mga maliliit na patak na may taglay na virus, na lumalabas kapag ang isang tao na may impeksyon ay nagsasalita, umuubo o bumabahing. Ang pagkalat ay nangyayari rin sa pamamagitan ng ibabaw ng mga bagay na may kontaminasyon. Ang mask ay maaaring gamitin ng isang tao na may impeksyon ng virus sa respiratoryo, kabilang ang COVID-19, na mayroon man o walang mga sintomas, upang protektahan ang ibang tao sa pamamagitan ng pagbabawas sa pagkalat ng mga may impeksyong maliliit na patak mula sa respiratoryo. Ang mga mask ay ginagamit ng mga manggagawa sa kalusugan at pangangalaga upang protektahan ang kanilang sarili kapag hindi sila makapagpanatili ng pisikal na pagdistansya sa isang tao na may impeksyon sa respiratoryo, kabilang ang COVID-19.

Ang pagsusuot ng mask ay isa lamang hakbang sa pagpapabagal sa pagkalat ng COVID-19 at ito ay hindi pamalit para sa iba pang mga pag-iingat. Mahalaga na ipagpatuloy ang pag-uugali ng tamang kalinisan ng kamay at respiratoryo, pisikal na pagdistansya at pananatili sa bahay at pagpapasuri kapag masama ang pakiramdam.

Walang ebidensya na ang pagsusuot ng mask ay hindi ligtas o na ito ay hahantong sa mga problema gaya ng kakulangan ng oxygen. Ang mga tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga ay matagalan nang nakapagsuot ng mga mask sa loob ng maraming mga taon na hindi nagkaroon ng mga problemang ito.

Tingnan nang regular ang website na ito upang manatiling may-kaalaman tungkol sa mga pangunahing pagsulong sa tugon sa COVID-19 ng Pamahalaang Australya.

Ang [SBS](#) ay mayroon ding hanay ng impormasyon tungkol sa Covid-19 sa inyong wika. Maaari mo ring gamitin ang mga mobile phone app at mga pandagdag sa browser upang magsalin sa wika ng mga pampamahalaang impormasyon. Humanap ng isa na tutugon sa iyong mga pangangailangan.

Upang ma-access ang karagdagang impormasyon sa Ingles, bumisita sa www.australia.gov.au.